


# Ikaw at ang Fibroids ng Bahay-Bata

## Ano ang Fibroids?

Ang fibroids ay karaniwang bukol o growth na hindi kanserus, na tumutubo sa loob o sa bahay-bata (sinapupunan). Ang laki nito ay mula sa sing-liit ng isang gisantes hanggang sa sing-laki ng mga ubas. Ang fibroids ay mula sa mga selula na bumubuo ng hanay o layer ng kalamnan ng bahay-bata. Karamihan sa mga fibroids ay hindi pinagmumulan ng problema o nangangailangan ng anumang paggagamot. Ang sanhi ng fibroids ay hindi nalalaman. Ang mga itim (negro) na babae at mga babae na ang pamilya ay may kasaysayan ng fibroid ay maaaring magkaroon ng ganito. Ang mga hormone, gaya ng estrogen, ay dahilan upang lumaki ang mga fibroids sa mga panahong may kakayanan nang magbuntis. Ang mga fibroids ay kalimitang lumiliit sa pagmemenopos.



## Paano kong malalaman kung may fibroids ako?

Halos lahat ng fibroids, kahit malalaki na, ay walang mga sintomas. Kung magkaroon na nga ng mga problema, maaaring kabilang dito ang malakas o hindi regular na (pagdurugo), pananakit ng puson, pananakit sa banding ibaba ng tiyan (abdomen), kawalang-ginhawa sa pakikipagtalik, madalas na pag-ihi o mga problema sa pagdumi. Kung minsan, ang fibroids ang sanhi ng kahirapan sa pagbubuntis, pero maraming babaeng may fibroids ang nagkakaroon ng anak nang walang problema.

Halos lahat ng fibroids ay natutuklasan sa pamamagitan ng mga nakagawian nang pag-eeksamen ng balakang o routine pelvic exam. Kung may mga pagsusuri pang kakailanganin, ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider ay maaaring mag-order ng pelvic *ultrasound*. Ang pagsusuring ito ay gumagamit ng mga sound waves upang makalikha ng isang larawan ng bahay-bata at ng nakapaligid ditong mga organs. Mas magandang gawin ang isang *transabdominal ultrasound* para makita ang mas malalaking fibroids, samantalang ang *transvaginal ultrasound* ay mas magandang gamitin para makita naman ang mga mas maliit.

## Paano ginagamot ang fibroids?


Ang paggagamot ng fibroids ay ibabatay sa mga sintomas na iyong nararanasan, sa kanilang laki at kinaroroonan, sa iyong edad, sa iyong pangkalahatang kalusugan, at kung gusto mong magkaroon ng anak. Ang mga fibroids na hindi naman nagiging sanhi ng mga sintomas ay hindi na kailangang gamutin. Ang mga fibroids na nakita sa panahong nalalapat na ang iyong pagmemenopos ay maaaring magsimula nang lumiit at kailangan lamang na subaybayan. Kung nakakaranas ka ng mga problema sa pagdurugo, ang mga gamot na tulad ng tranexamic acid (Cyklokapron®) o mga pilduras na panghadlang sa pagbubuntis o birth control pills ay maaaring makaampat sa pagdurugo. Ang mga gamot na mas matitingding tumalab na makahahadlang sa produksyon ng hormone ng mga babae (tulad ng Danazol®, Lupron®, Synarel®, Zoladex®) ay maaaring magpaliit ng mga fibroids, gayun din ang magpahina o tuluyan nang magpahinto ng pagdurugo. Ang ilang mga babae ay maaaring matulungan ng isang intrauterine device (IUD, loop) na naglalabas ng pakonti-konting dami ng hormone sa lining ng bahay-bata. Isa sa mga ganitong device ay tinatawag na Mirena®, na maaaring ipasok sa bahay-bata kahit pa sa opisina lamang (ng doktor) gawin.

Mayroong *uterine fibroid embolization* sa ibang bahagi ng bansa, isang pamamaraang walang operasyon na humaharang sa pagdaloy ng dugo sa mga fibroids na nagiging sanhi upang ang mga ito ay lumiit. Maaari ring maalis ang fibroids sa pamamagitan ng isang operasyon na tinatawag na *myomectomy* o pagpuksa sa pamamagitan ng *myolysis*, isang pamamaraang ginagamitan ng kuryente o laser. Kung wala nang iba pang nagtagumpay na pamamaraan ng paggagamot, maaaring kailanganin ang isang *hysterectomy* (pag-aalis ng bahay-bata). Tutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider sa pagpapasiya kung anong opsyon ang tama para sa iyo. Kung minsan, maaaring kailanganing magpatingin ka sa isang espesyalista.

## Pangwakas na Salita

Ang fibroids ay napakakaraniwan at kalimitang hindi pinagmumulan ng mga problema. Kung maging dahil na nga sila ng mga problema, may mga gamot at operasyon na makakatulong. Kausapin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider upang matalakay kung anong opsyon ang pinakamainam para sa iyo.

[www.benignuterineconditions.ca](http://www.benignuterineconditions.ca)



©2005 Reserbado ang lahat ng karapatan.

Ang impormasyong ito ay para lamang sa layunin ng pagbibigay ng impormasyon, at walang intensyon na maging kapalit ito ng propesyunal na payong medikal, dayagnosis, o panggamot. Magpatingin sa iyong health care provider at humingi ng payo tungkol sa isang partikular na medikal na kalagayan.

Ang pagpapaganda ng dokumentong ito ay pinondohan ng Ontario Women's Health Council. Ang Ontario Women's Health Council ay ganap na pinopondohan nang Ministri ng Kalusugan at Pangmatagalang-Panahong Pangangalaga (Ministry of Health and Long-Term Care). Hindi nangangahulugan sa dokumentong ito na may pag-eendorso mula sa Ministry of Health and Long-Term Care.